**IKINAGALAK** ni Zamboangueña Olympian Hidilyn Diaz ang pagbati sa kanya ng kanyang commander na hepe ng Philippine Air Force (PAF).

Nabatid sa pinadalang mensahe ni Hidilyn na tinukoy nitong isang napaka laking bagay para sa kanya na bigyan siya ng papuri mula pa sa kanyang commanding general si Lt. Gen. Galileo Gerard Kintanar ng ito ay magwagi ng gintong medalya Asian Games sa Jakarta, Indonesia.

Napa "Wow! Pa si Hidilyn at nagpasalamat sa message ni CGPAF Lieutenant General Kintanar maappreaciate ng leader namin sa PAF ay malaking bagay para sa akin," ayon kay Hidilyn.

Nagpatunay daw muli ng kahusayan si Hidilyn sa kanyang paglahok sa Asian Games kung saan ay muli nakapag bigay muli ng karangalan sa bansa ayon kay Kintanar.

# MGA EXECUTIVE WOODPUSHERS MAGTATAGISAN NG TALINO

**TAMPOK** nag mga executive woodpushers sa paglarga ng kauna-unahang Cavite Executive Chess Club Invitational Rapid Chess Tournament sa darating na Agosto 31, 2018, Biyernes na gaganapin sa RJVA Building Crossing Palapala, Barangay Sampaloc I, along Aguinaldo Highway ng Dasmarinas City, Cavite.

Tumataginting na P10,000 at trophy ang maibubulsa ng magkakampeon habang P7,000 at trophy naman sa ika-2 puwesto at P5,000 at trophy naman sa ika-3 puwesto na ipapatupad ang Rapid Time control format.

Ayon kina Candidate National Arbiter Byron Gabrentina Villar at Candidate Arbiter 2 Israel "Ice" Landicho ng organizing Cavite Executive Chess Club ay bukas ang nasabing torneo sa lahat ng professionals na may PRC ID o executive at CEO na may Business Permits at applicable documents kung saan ang kanilang NCFP rating ay hindi lalagpas sa 2000 rating base sa August 1, 2018 rating list kung saan ang registration fee ay P1,000.

Sa detalye mag call o text kina NCA Byron Gabrentina Villar sa mobile numbers 09083582520 , 09260728836 at CA2 Israel "Ice" Landicho sa 09759142934 para sa dagdag detalye. **(Marlon Bernardino)**

# EMPOWERING WOMEN, CHILDREN AND GENDER EQUALITY RIGHTS

**IN its effort to emphasize the importance of women and children in the society, the Provincial Government of Cavite through the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) sponsored a Capability Building for Gender and Development Advocates on August 17, 2018 at the Bulwagan Tanglaw, DepEd Compound, Trece Martires City.**

Participants include KATROPA Move Officers, representatives from the Municipal and City Social Welfare and Development Office, Local Government Units, and members of Rider's and Toda.

On behalf of Gov. Jesus Crispin C. Remulla, Atty. Khervy B. Reyes, Supervising Cooperative Development Specialist, motivated everyone to be an epitome of a responsible individual who will contribute and ensure that primary care and treatment to women and children were properly given appropriate assessment and concern.

During the program, Training for Gender Sensitivity Preparation for R.A 9262, Violence Against Women and Children and Orientation on Referral System were discussed by Ms. Precyl T. Ramos, Head - Gender and Development Unit of PSWDO while Ms. Amanda Lee Centeno, Project Development Officer III of DSWD Region IV-A oriented the participants ) on R.A 9208, Anti-Trafficking in Persons Act and Anti-Child Pornography.

On the other hand, Ms. Darylvy R. Avila, Social Welfare Officer IV of PSWDO delivered updates on the PSWDO Programs and Services for Women and Children.) )

Signing of the pledge of commitment highlighted the event which signifies the participants' assurance to be an active member who would be an advocate on ending Violence Against Women and Children. PSWDO Head, Ms. Felipa G. Servañes capped the program and expressed her gratefulness to those who actively participate in the orientation. —**(PICAD)**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Ano ba ang baril?

ANG bata ay sadyang bata, sa maurang gulang ay likas na hindi pa batid kung ano ang kanyang ginagawa.

Kung ito ba ay nakakabuti o nakakasama, kung ito ba ay magdudulot ng kapahamakan.

Kagaya ng isang tatlong gulang na bata sa Barangay Manoling, President Roxas, Capiz.

Sinusulat ko ito ay nananatiling nilalapatan ng lunas ang bata sa Roxas Memorial Provincial Hospital.

Kung bakit? Hindi sinasadya o aksidenteng naputukan ng baril ang bata.

Batay sa paunang pagsisiyasat ng President Roxas Municipal Police Station, pinaglaruan ng bata ang isang .38 caliber pistol.

Ang naturang baril ay pagmamay-ari ng ama ng bata na si Rolando Garcia, 52-anyos.

Nakita naman ng ina ng bata na si Maria Leny Garcia, 28, na hawak at pinaglaruan ng kanyang anak ang baril.

Kaya naman agad na kumilos ang ginang para agawin o kunin sa bata ang baril.

Gayunman sa hindi inaasahang pangyayari nga ay aksidenteng pumutok ang baril.

Tinamaan sa mukha ang bata at sinasabi pang tumagos ang bala sa leeg.

Nagresponde ang Active Lutod-Lutod Emergency Response Team (ALERT) at dinala ang bata sa ospital.

Payo lamang po sa mga mayroong baril, pakisiguro lamang ninyo na ito ay hindi makukuha ng kahit sino lalo na ng mga bata.

Bata iyan kaya ulitin natin na hindi nila alam kung ano ba ang baril.

Sana naman ay ligtas ang batang ito.

# BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## TARANASAKALYOS, NAKADEHADO

Nakadehado ang kabayo na palaging palaban na si Taranasakalyos na sinakyan ng hineteng si John Anthony Guce na kahit pa nakipag-bakbakan sa banderahan ang mga nasa kaliwa't kanan niya na sina Heart And Soul ni Unoh Hernandez at Bispag ni Onald Baldonido ay mas may natira pang lakas ang dala ni Anthony pag sungaw sa rektahan. Ang isa sa mga naging paborito na si Yoshiko ni Bodjie Henson ay wala lang butas na nadaanan kaya naantala sa pagparemate at nung nakalusot ay huli na ang lahat dahil pameta na si Taranasakalyos. Samantala nagwagi naman ang naging top favorite na si Gold Digger na nirendahan ni Oneal Cortez, tinalo niya ang umugong na huwag ng tayaan pa na si Princess Ella ni Dunoy Raquel Jr. bago pa lamang mag umpisa ang nasabing karera. Kaya naman ang mga karerista ay nagkaroon na naman ng galit kay Dunoy, lalong- lalo na nung napanood nila ang klase ng pagdadalang nagawa sa ibabaw mula sa tres oktabos (600 meters) hanggang sa pagsapit sa huling kanto na nagpatalbog- talbog ng puwet niya sa ibabaw ni Princess Ella habang nakahigpit ang renda. Bago pa ang patalbog- talbog na iyan ay napanood din ng kuha sa frontal ang paglingon-lingon ni Dunoy sa kaliwa't kanan, na ayon sa mga beteranong karerista na tila may inaabangan kung saan may parating na kalaban dahil mukhang isang eskorte na lamang siya sa nauunang dala ni Oneal. Sa kombinasyon ng paglingon-lingon at patalbog- talbog na pananakay ay lumaki tuloy ng agwat sa harapan nung nanalong si Gold Digger na tinalo na ni Princess Ella ng may limang kabayong agwat nung Hunyo 16 taong kasalukuyan sa parehong pista at distansiya.








# RIA ATAYDE, PURO LALAKE ANG MGA NAKAKASAMA?

ANO ba ang nangyayari sa byuti ni Ria Atayde at bakit daw puro lalake ang kanyang mga nakakasama?

Ibig bang sabihin nito ay pusong-lalake ang magandang aktres?

Malulutong na tawanan para sa isang simpleng kasagutan sa mga katangungang ito.

Sa teleseryeng 'Halik' ng Kapamilya network ay isang engineer ang byuting aktres.

Dahil sa nature ng kanyang propesyon o work ay natural na puro lalake ang kanyang mga nakakasama.

Anyway ay subaybayan na lamang ninyo ang 'Halik' upang inyong malaman ang tunay na karakter ni Ria.

Puwedeng malaman ang kasagutan kay Jericho Rosales na kasama niya sa teleserye.

Super busy sa ngayon ang aktres at talagang napakahektik ng kanyang iskedyul.

Go lang nang go Ria, kaya mo 'yan.

Kung sobrang abala si Ria ay ganoon din ang isa pang anak ni Sylvia Sanchez na si Arjo na sabak din sa maraming projects.

Kaya naman pwedeng rest-rest muna si Sylvia at ang kanyang dalawang anak muna ang kumayod.

Hahaha, joke Mama Sylvia.

## HANEP SHOWBIZ



@@@

KUNG nabubuhay ang ating Hari ng Pelikulang Filipino na si Fernando Poe, Jr. ay 79 anyos na sana siya.

Kaarawan ni 'Da King' last week at kahit nasa kabilang buhay na siya ay hindi nakakalimot ang kanyang pamilya.

Ang biyuda ni FPJ na si Susan Roces kasama ang anak na si Senator Grace Poe at mga malalapit na kaanak ay nag-alay ng bulaklak, kandila at panalangin sa puntod nito sa Manila North Cemetery.

Nagpaabot na pasasalamat ang mag-ina sa lahat ng nagmamahal kay FPJ.

Ganoon din sa mga fans na tumatangkilik sa mga pelikula ni 'Da King.'

Hindi naman talaga maitatanggi na lahat ng pelikula ni FPJ ay sadyang tinangkilik dahil pawang patok ang mga ito sa takilya.

@@@

BATIIN lang natin ang 'Queen of all Media' sa pagkakatangkilik sa pelikulang 'Crazy Rich Asians' sa ibang bansa.

Ang pelikulang ito ay pinagbibidahan nina Constance Wu, Henry Golding at kasama nga ang ating 'Queen of all Media' na si Kris Aquino.

Sa tatlong araw lamang na pagpapalabas ng pelikula sa Amerika ay nakapagtala na agad ng $21-milyong kita.

Tangkilikin din natin dito ang nasabing pelikula na posibleng makalikha ng panibagong kasaysayan.



# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-78 labas)

"KUMUSTA ang lakad mo kuya?"

Sa maigsing pananatili sa Visaya ay maraming naiuwing impormasyon si Dagul.

Ikinuwento niya sa dalawang nakababatang kapatid ang resulta ng pagpunta niya sa Visaya.

"Tagaroon si Maribeth, baka sakaling makakuha siya ng impormasyo."

Wala na sa Visaya ang hinahanap ni Dagul at nasa Kalakhang Maynila na batay sa ibinigay sa kanyang impormasyon ni James.

Nagkataon na ang binanggit na lugar ni James ay doon lamang naninirahan si Maribeth.

"'Saka na muna, 'wag na muna at pag-iisipan ko munang mabuti ang dapat gawin."

Sa lugar nina Maribeth napadpad si Caloy pero pinigilan muna ni Dagul si Jerome na huwag magsabi sa nobya nito.

"Mahirap na at baka mapahamak pa ang girlfriend mo, medyo delikado rin."

Inaalala rin ni Dagul ang kaligtasan ng nobya ng bunso niyang kapatid.

"Pwede 'yung ganoon lang pero 'di ubra na s'ya mismo ang kikilos para maghanap."

Nagpaalam si Jerome sa kanyang Kuya Dagul na itatanong lamang niya kay Maribeth kung may kilala itong Caloy.

Kapag hindi kilala ay wala ng ano pang gagawin si Maribeth at sakaling may nalalaman siya kay Caloy ay si Dagul na ang bahalang kumilos.

"Ewan ko lang, 'di ako sure pero parang minsan ay narinig ko na ang pangalang Caloy na 'yan."

Nang magkita ang magkasintahan ay tinanong ni Jerome si Maribeth.

"Minsang may binili ako sa tindahan ay may isang lalaking nakaistambay."

"Tapos may dalawa pang lalaki na dumating din at nag-usap-usap silang tatlo."

"Narinig ko lang ang pangalang Caloy dahil ipinakilala siya ng kasama niya roon sa lalaking nakaistmabay sa tindahan."

Natuwa si Jerome at kahit paano ay may kaunti siyang nalaman kay Maribeth.

"Ano'ng itsura ng sinasabi mong Caloy?"

Isinama ni Jerome sa bahay nila ang kanyang nobya at iniharap kay Dagul.

Medyo inilarawan ni Maribeth ang tindig o itsura ng Caloy na nakita niya sa tindahan.

(Sundan)

# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 79 labas)

"SALAMAT naman at pinagamit mo ang 'yung apelyido sa anak natin."

"Ibig sabihin nito ay talagang kinikilala mo ang bata bilang anak mo."

"Pero nagtatanong lang naman ako ah, bakit ayaw mong maging Junior ang bata?"

Ang tanging pakiusap lamang ni Kardo ay huwag isunod sa kanyang pangalan o bilang Junior ang anak nila ni Lyka.

"Mabantot kasi ang pangalan ko eh."

Isang simpleng sagot ang binitiwan ni Kardo kasabay ng pagtawa.

"Ikaw naman dinadaan mo sa biro eh, gusto ko lang talaga malaman dahilan bakit ayaw mong gawing Junior."

Kung kanina ay natatawa-tawa si Kardo bigla ay medyo kumunot ang noo.

"Wala lang basta 'wag na natin siyang gawing Junior pa, ang mahalaga naman 'di ba ay magagamit niya ang apelyido ko."

Sa isinagot naman ni Kardo ay hindi na nagpumilit pa si Lyka na malaman ang dahilan.

Kabisado rin kasi ni Lyka si Kardo na basta natatahimik at medyo nawawala sa mood ay masisira lamang ang araw nilang dalawa.

"Sige...sige 'di na po ako mangungulit pa. Smile na d'yan, 'hala ka at mabilis kang tatanda."

Sa halip ay idinaan na lamang ni Lyka sa pagbibiro para maibalik ang maayos na mood ni Kardo.

Nailabas na ni Lyka ang anak sa ospital at nalilibang si Kardo sa piling ng beybi nila.

"Walang problema 'yun at may katiwala naman ako eh."

Inuurirat din ni Kardo si Lyka kung paano na ang negosyo nito dahil kapapanganak lamang.

Mayroon namang pinagkakatiwalaan si Lyka sa kanyang negosyo.

Napilitan na rin si Lyka na kumuha ng magigint tagapag-alaga ng anak nila ni Kardo.

"Ha? Sabi n'ya wala raw conference sa Baguio? Kelan s'ya nagpunta rito?"

(Itutuloy)

# SSS MATERNITY BENEFIT RELEASES JUMP OVER P3B IN H1 2018

**QUEZON CITY** — The state-run Social Security System (SSS) disbursed more than P3 billion worth of maternity benefits to over 157,000 qualified female members from January to June 2018.

SSS President and Chief Executive Officer Emmanuel F. Dooc said maternity benefit disbursements jumped by 12 percent to P3.37 billion during the first half of 2018 from the P3.01 billion disbursements on the same six-month period last year.

Of the total number of beneficiaries, more than 68 percent or 107,268 availees are employee-members with total disbursements amounting to P2.85 billion.

About 38,724 availees are voluntary members with total benefit disbursements amounting to P411.36 million, followed by 7,279 self-employed and 3,892 Overseas Filipino Workers (OFWs) with benefit releases worth P41.36 million and P71.63 million, respectively.

"As the only state-run institution that provides maternity benefit to female workers from the private sector, we are glad that more members were able to receive cash benefits for the past six months. In fact, maternity benefit is now the third highest disbursement under the Social Security Program," Dooc said.

To qualify for maternity benefits, members should have paid at least three monthly contributions within the 12-month period immediately preceding the semester of pregnancy or miscarriage, and should immediately report her pregnancy through her employer or directly to SSS if she is a registered self-employed or voluntary member.

"We just announced last April that self-employed and voluntary members can conveniently send their maternity notifications using the Text-SSS facility so that it would be easier for them to comply with our benefit application procedures. However, employed members are still required to notify the SSS through their employers," Dooc added.

To submit maternity notifications through Text-SSS, members should key in: SSS MATERNITYNOTIF <SSNumber> <PIN> <Expected Delivery Date MM/DD/YYYY> <Total Number of Pregnancies (including this pregnancy)> and send it to 2600.

Each text message costs P2.50 for Globe/Touch Mobile and Smart subscribers and P2.00 for Sun Cellular subscribers. Members will receive a text confirmation once the maternity notification is successfully received by SSS.

"This is to remind our members who submitted their maternity notification via Text-SSS to submit their proof of pregnancy once they apply for maternity benefit reimbursement," Dooc said.

Aside from the Text-SSS facility, maternity notifications can be submitted through My.SSS portal in the SSS website. Members should provide the necessary information such as expected date of delivery, number of delivery, and date of last delivery or miscarriage.

"SSS has introduced innovative ways on how to facilitate hassle-free transactions so that members can fully maximize their benefits and privileges. So I would like to encourage our female members to make use of the Text-SSS and My.SSS facility to submit their maternity notification," Dooc concluded.

# Pugante sa Cavite, arestado

**HINDI** na nakapalag pa ang isang 37-anyos na preso ng Bacoor City Custodial Center matapos makorner sa kanyang pinagtataguan sa Dasmarinas City, Cavite.

Balik kulungan si Jun Marco Castro, ng Molino Road, Brgy. Salawag, Dasmarinas City.

Si Castro ay isa sa 23 preso na pumuga noong July 27, 2018 sa Bacoor Custodial Center sa Bacoor City.

Ang pagkakaaresto kay Castro ay bunsod sa patuloy na paghahanap ng awtoridad sa mga pumugang preso kung saan dakong alas-7:20 ng umaga nang naaresto ang suspek ng Dasmarinas City police sa koordinasyon ng Bacoor City police sa Brgy. Salawag.

Sa kasalukuyan, 5 na lang ang pinaghahanap ng pulisya mula sa 23 na bilang na mga tumakas.

Matatandaan na noong Sabado ay nabaril at napatay si Michael Salac,30, matapos nakipagpalitan ng putok sa awtoridad nang siya ay namataan sa kanyang pinagtataguan sa isang abandonadong bahay sa Carnation St., Mary Homes Subd. Brgy. Molino 4, Bacoor City.

Ang dalawa ay parehong nahaharap sa kasong paglabag sa R.A.9165.

Samantala, inaresto naman ang isang Marcelito Gonzaga, alias "David," 29, ng Soldier Hills Brgy. San Nicolas 3, Bacoor City, dahil sa pakikialam nito sa awtoridad na nagresulta sa pagkakatakas ng isa sa pinaghahanap pang preso na si Marcelo Ruiz.

Ayon kay PO3 Edison Fetalculin ng Bacoor City Police Station, dakong alas-4:45 ng hapon nang isagawa ang manhunt operation ng mga awtoridad sa Soldiers Hills, Brgy. San Nicolas 3, nang harangin sila ni Gonzaga na nagresulta sa pagkakatakas ni Ruiz.

Kasong paglabag sa PD 1829 (harboring/concealing escaped detainee) at Direct Assault upon an Agent of Person in Authority) ang isinampang kaso laan sa suspek. **GENE ADSUARA**



**KEEPING CAVITEÑO YOUTH WELL-MOTIVATED:** As Provincial Administrator for Community Affairs in the province, Engr. Redel John Dionisio remains steadfast in recognizing Cavite's young achievers to keep them well-motivated. On August 20, 2018, in behalf of Governor Boying Remulla, Engr. Dionisio conferred certificates of recognition and medals to eight (8) pupils from St. Francis of Assisi College-Dasmariñas, who won during the 2018 International Singapore Mathematics Competition (ISMC) last March 2018 with Awarding Ceremonies held on July 28, 2018 at St. Scholastica's College Manila. The awardees include Patric Legaspi, Louie Hondo, Dave Ambrocio, Julius Lim, Yrlwin Aquino, Jane Del Mundo, Brent Orate and Anna Labastilla, who competed against various pupils from neighboring Asian countries. Math Educators Circle (MEC) Cavite Chapter Coordinator Mark Anthony Cagalitan and Provincial Youth and Sports Development Officer Mercy Galarde also congratulated the students for such outstanding accomplishment. **(PICAD)**

# SSS runs after delinquent employers

**NEGROS OCCIDENTAL (PIA) — It's a RACE.**

The Social Security System's (SSS) Run After Contribution Evaders (RACE) team went to 11 business establishments with delinquent employers in the cities of Bacolod and Silay, as part of the SSS RACE campaign.

RACE campaign was launched in 2017 and is now on its 6th leg following RACE operations in Batangas, Pangasinan, Palawan, and the cities of Davao and General Santos.

Judge Voltaire Agas, senior vice president and chief legal counsel of the Legal Services Division, together with lawyers Renato Jacinto Cuisia, acting vice president of the Operations Legal Department; Vic Byron Fernandez, RACE team coordinator; and the local SSS officials, led the Bacolod operation where they expect to collect P2.3 million from these delinquent employers.

During the RACE operations here, Show Cause Orders were posted at Red Aeronautics and Technological School, Habagat Security Services, Fit and Relax Fitness Gym and Spa, Gerald's Restobar, R.E.D. Digital Photography, Hong Department Store and Miracle Taxi for non-remittance of SSS contributions amounting to P2,268,131.48.

Aasanie Cellphone and Accessories, Sabai-Rak Salon and Spa, Two Pans Café and Resto and Aidalicious Inasal and Resto also received the same notice after they failed to comply with their pending liabilities with SSS business registration, resulting in total delinquency of P71,030.70.

SSS president and chief executive officer Emmanuel F. Dooc in a statement mentioned that delinquencies are due to non-remittance of contributions and also the non-registration of business to SSS which are the most common violations committed by delinquent employers.

Meanwhile, Agas said they are doing RACE not to scare delinquent employers but to remind them and give them the warning to fulfill their obligations.

"We are serious in implementing this campaign in order to give SSS members a good future. In other words, 'sulit na sulit ang contribution of each member' (worth the contribution of each member)," Agas said.

Cherry, not her real name, an employee of one of the establishments that was issued with the Show Cause Order said she appreciated the effort of the SSS because it has been a long time that their employer did not take any action on their SSS contributions.

"I want to continue my SSS contributions because I feel it is necessary. But my present employer always takes this for granted. I want to secure my future especially when I get old and no longer able to work," Cherry said.

All 11 employers were required to visit the SSS branch nearest them within 15 days from posting of the Show Cause Order to comply with their pending liabilities with the SSS. **(LTP/EAD-PIA6 Negros Occidental)**


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
Advertising Manager
0929-2415793

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# PHYSICAL EXAMINATION, SAGOT SA EPEKTO NG MGA NATURUKAN NG DENGVAXIA

**MAY sagot na kung ano ang epekto o nakabuti ba ang ginawang pagturok ng Dengvaxia vaccine sa katawan ng mga bata.**

Ayon kay Deparment of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon ) Regional Director Eduardo Janairo na ang pagsasagawa ng Physical Examination (PE) sa mga naturukan ng Dengvaxia vaccine sa rehiyon ay ang kasagutan.

Paliwanag ni Janairo na ito ay paraan upang matukoy kung may naganap na pagbabago o nararamdaman nila sa kanilang katawan simula nang naturukan sila ng Dengvaxia vaccine.

"This is a wellness check to enable us to know if there are changes or any health concerns have occurred in their body such as on-going pain or symptoms that they are experiencing since they were vaccinated,"ayon kay Janairo .

Dagdag pa nito na kinakailangan ang kanilang tamang medical information base sa kanilang isinagawang physical examination kung may naging epekto ng vaccine sa kanilang katawan upang magamit na batayan sa anumang medical decision balang araw.

"We need to have an accurate medical information about the effects of the vaccine, if there are any, that can be used to generate definite health decisions based on these physical exams," paliwanag pa ni Janairo.

Kabilang sa physical examination na isinasagawa ay Laboratory, Chest X-ray, Head to toe check up at body mass index.

Ayon pa kay Janairo na ang ginagawang patuloy na pagmomonitor ay kanilang pangako sa pagbibigay suporta sa kaso ng mga naturukan ng Dengvaxia sa rehiyon.

Taon 2016 nang inilunsad ang programa sa Dengvaxia vaccine kung saan tinatayang 800,000 bata ang naturukan na nauwi sa kontobersiya. **GENE ADSUARA**



**NASAWI** sa isinagawang buy bust operation ng mga tauhan ni MPD PS1 Supt. Jay Dimaandal ang isang notoryus na tulak ng droga na si Joseph Dalisay, kabilang sa watchlist at markadong "TOP 1 Most Wanted Person ng Tondo na nahaharap sa kasong frustrated homicide. Nakumpiska sa suspek ang tatlong sachet ng shabu at isang 'di pa tukoy na kalibre ng baril na ginamit nito laban sa drug raid ng kapulisan sa Sto Nino St., Brgy. 107 , Tondo, Maynila.
**(BRIAN GEM BILASANO)**




Naging panauhin sina dating MMDA Chairman, ngayon isang konsehal ng Marikina City (pangalawa mula kaliwa) Rep. Bayani Fernando at RJ Javellana, presidente ng United Filipino Consumers and Commuters. Napag-usapan dito ang tungkol sa traffic regulations at clearance ng Grab-Uber merger ng Phil. Competition Commission. Ang Balitaan sa Maynila ay ginaganap tuwing araw ng Linggo sa Bean Belt, 2nd Flr. ng Tinapayan Festival Bakery, Dapitan cor. Don Quixote Streets, Manila. Nasa larawan din sina Angelo Almonte (kaliwa) at Dave Veridiano, ang mga host ng programa. **(FREDDIE M. MANALAC)**



Dr. Parnell C. Patacsil, Chief of Hospital of the Sta Rosa Community Hospital in Laguna explains the x-ray result to the parent of a Dengvaxia vaccinee during the physical examination conducted on Friday, August 17, 2018. There were a total of 125 vaccinees who were examined. **BOY NAMORA**




**NAKALAWIT** ng mga operatiba ni MPD PS6 commander Supt. Al Barot ang suspek na si Danilo Moreno, 38, ng 1946 F. Torres St., Sta Ana, Maynila na markadong Wanted Person sa kasong 7-counts Falsification of Private Document sa bisa ng warrant of arrest na may piyansang P12 kada isang bilang. **(BRIAN GEM BILASANO)**



## BAGONG MODUS NA SALISI LOAD SA MGA TINDAHAN BISTADO, SUSPEK KALABOSO

**BALIK** kulungan ang isang 33-anyos na bagong-laya lamang at sinasabing notoryus na salisi sa mga tindahan sa Tondo Maynila,

Ayon sa ulat ni MPD PS7 commander Supt. Jery Corpuz, nakilala ang suspek na si Lovelle Palabasan ng Wagas St., Tondo makaraang maaktuhan mismo ng may-ari ng biniktimang tindahan na si Dave Reyes.

Modus ng suspek ang magpaload ng maliit na halaga subalit mabilis na sumasalisi nailoload nito ang P1k-2K halaga ng load at mabilis na tumatakas upang ibenta sa kanyang mga parokyano ang sim card sa kalahating presyo.

Nabisto ang lakad ng suspek nang mambiktima ito sa ilang tindahan sa Almeda St., Tondo kung saan nakita sa CCTV ang pangyayari dahilan ng pagkasakote sa suspek.

Napag-alaman na sinubukan pa tumakas ng suspek at nahabol ng biktima nito kasama ng mga tauhan ng Brgy. 225 ni Chairman Lasam.

Kasalukuyang nahaharap sa kasong swindling ang suspek na nakapiit sa naturang himpilan at umamin na mayroon pang ibang kasamahan na paulit-ulit na iligal na lakad nito. **(BRIAN GEM BILASANO)**




Ipinaliwanag ni Acting DOLE USEC. Joel Maglunsod ang bagong RA 11058 kung saan mas pinalakas at pinatapang ang Compliance with Occupational Safety and Health Standards, kasama rito ang pagmumulta ng P100,000 sa mahuhuling lalabag na kompanya maging pribado man o pampubliko. Nakapaloob dito ang karapatan para sa mga empleyado o mangagawa kung sakaling mapanganib ang lugar na pinagtratrabahuhan. **(Christian Heramis)**



Nagsama-sama ang mga kapatid nating Muslim sa Luneta Grandstand at sa Blue Mosque sa Maharlika Village, Taguig na nagsagawa ng worship at humingi ng pasasalamat kay Allah matapos gunitain at ipagdiwang ang katatapos na Eidl Adha. **(Christian Heramis)**

# TANGKANG PAGPATAY SA INA DAHIL SA PAGKAKALULONG NG ANAK SA DROGA

**HINDI pinagsisihan ng isang 51-anyos na ina na ipakulong ang sariling anak sa pagbabakasakaling tumino nang pagtangkain siyang patayin matapos niyang pagalitan dahil sa pagkakulolong sa droga sa Bacoor City, Cavite.**

Kasong attempted parricide ang isinampang kaso laban sa suspek na si Edison Lumingaya, alias Ison, 25, binata, dahil sa reklamo ng kanyang ina na si Norma Lumingaya, kapwa residente ng 64 Poors Park, San Nicolas 3, Bacoor City.

Ayon kay PO1 Fidel Querjero III, ng Bacoor City Police Station, dakong alas7:00 ng gabi nang paalalahanan ni Aling Norma ang kanyang anak hinggil sa pagkalulong nito sa droga.

Subalit imbes na makinig si Edison sa pangaral ng kanyang ina, inaway pa nito na humantong sa kanilang pagsasagutan na lalong ikinagalit ng una at kumuha ng kutsilyo at tangkang patayin si Aling Norma.

Nakatakbo si Aling Norma at nakahingi ng saklolo kay Eufemio Catacutan, isang barangay tanod na nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek. **GENE ADSUARA**

# DAR-CAVITE gears up for ARB Congress and CLOA Distribution

To promote equitable distribution and ownership of land and help farmers improve their lives, the Department of Agrarian Reform is set to hold the Agrarian Reform Beneficiaries (ARB) Congress and Certificate of Land Ownership Award (CLOA) Distribution on August 25, 2018 at the International Rice and Research Institute in Biga, Silang, Cavite.

A lecture on Land Tenure Service (LTS) and discussion on the Agrarian Reform Beneficiaries Development Service Program and on the Agrarian Justice Delivery will also be provided to a total of 163 Agrarian Reform Beneficiaries from the towns of Naic, Tanza, Trece Martires, Dasmariñas, Magallanes and Indang.

Likewise, the Land Bank of the Philippines will present their loan program for beneficiaries, which will provide opportunity to enhance their quality of life with greater productivity of agricultural lands. Such program will aid farmers to finance the farm inputs in growing crops, provide working capital for agri-enterprise and livelihood projects, as well as help purchase tools, equipment and machineries that will increase yield.

Provincial Agrarian Reform Program Officer James Arthur T. Dubongco will further orient ARBs on how to get hold of absolute land ownership. According to PARPO Dubongco, such accomplishment is a kind of work to be held in high regard, and will truly give DAR-Cavite a sense of pride for having helped farmers in the province to possess their own land.

DAR Secretary Atty. John R. Castriciones, Regional Director Rene E. Colocar and other officials are expected to grace the CLOA distribution rite.

Under Presidential Decree No. 27, the Comprehensive Agrarian Reform Law and Republic Act No. 9700 or the "Comprehensive Agrarian Reform Extension with Reforms," *Agrarian Reform Beneficiary* refers to farmers who were granted lands under and regular farm workers who are landless, irrespective of tenurial arrangement, who benefited from the redistribution of lands, regardless of crops or fruits produced, to include the totality of factors and support services designed to lift the economic status of the beneficiaries and all other alternative arrangements to the physical distribution of lands, such as production or profit sharing, labor administration, and the distribution of shares of stock which will allow beneficiaries to receive a just share of the fruits of the lands they work. **(PICAD)**



**UPLIFTING SPIRIT OF HOPE AND GIVING, GOVERNOR VISITS AMADEO:** The Provincial Government of Cavite continues to uplift the spirit of giving and provides hope to constituents in Amadeo, with its Ugnayan sa Barangay program held on August 20, 2018 at the Amadeo National High School Covered Court. Spearheaded by Governor Boying Remulla, such valuable event also extended assistance on the people's basic needs, distributing rice for free and selecting qualified recipients to the Libreng Pustiso Program. Provincial Administrator for Community Affairs Engr. Redel John Dionisio, who hails from Amadeo, thanked the governor for always being openhanded and available to the people in their town. Other guests who added excitement to the event were Governor Jonvic Remulla, Indang Municipal Councilor Ping Remulla, the Best of Seven Band and some members of the Sangguniang Bayan. **(PICAD)**



HAPPY BIRTHDAY JERRY BEDONIA!
GOD BLESS AND MORE BIRTHDAYS TO COME!
FROM: TITO JOJO DEMETILLA AND FAMILY

# Lasing na rider, dedo sa pagsalpok ng motorsiklo

DAHIL sa sobrang kalasingan habang nagmomotorsiklo, patay ang isang 19-anyos na binata habang sugatan ang angkas nito nang tumama ang ulo nito sa isang malaking tipak ng bato na nasa gilid ng kalsada sa Naic, Cavite.

Namatay sa pinangyarihan ng insidente ang biktimang si Ramil Cabuhat, alias Nonong, binata nang bumagok ang ulo nito sa bato habang ginagamot sa Naic Medicare Hospital ang angkas nitong si Ernesto Torres Jr., alais Ayaboy, kapwa residente ng Brgy. Timalan, Balsahan, Naic.

Sa report ni PO3 Joel Angue, ng Naic Municipal Police Station, binabagtas ng dalawa ang kahabaan Daang NIA Road, Brgy. Timalan Balsahan, Naic dakong alas-12:45 ng madaling araw kung saan minamaneho ni Cabuhat ang isang kulay blue na motorsiklong Yamaha Mio at angkas nitong si Torres.

Gayunman, pagsapit sa kahaban ng Antero Highway at dala ng sobrang kalasingan at mabilis na pagpapatakbo ng motorsiklo, nawalan ng kontrol sa manibela si Cabuhat at sumalpok ito sa isang malaking tipak ng bato at tumama ang kanyang ulo na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan habang ang angkas nito ay nagtamo ng maraming sugat sa katawan.

Ang bangkay ng biktima ay kasalukuyang nakalagak sa Mabini Funeral Homes para sa safekeeping at awtopsiya. **GENE ADSUARA**

# HANEP
*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

# Ayaw ni Digong sa abusadong pulis

PATULOY na pinalalakas ng kapulisan ang kanilang kampanya laban sa iligal na droga.

Maganda naman ang hakbang na ito upang hindi man ganap na maubos ay mabawasan ang mga itinuturing na salot ng lipunan.

Isa sa mga pamamaraan ng mga pulis ay ang tinatawag na buy bust operation sa mga itinuturing o hinihinala nilang sangkot sa pagbebenta ng drugs.

Ano nga ba ang mga tamang pamamaraan o sistema sa pagsasakatuparan ng durgs buy bust operation ng kapulisan?

May pagkakataon na sinasabi kasing may pagkakamali o pangaabuso sa kapangyarihan ang ilang awtoridad.

Masakit man sabihin ay may ilang pangyayari na kung tawagin ay 'tanim' ng droga o ebidensiya.

Lalo na iyong mga nasa listahan ng barangay bilang isang drug pusher.

Sabihin na nating nasa barangay list subalit tinupad na ang tunay na pagbabagong buhay.

Ganap na tinalikuran ang pagbebenta ng droga at hinaharap na ang panibagong mundo sa pamamagitan ng patas na pagtatrabaho.

Kaya nga lamang ay napag-tripan ng ilang tiwaling pulis na hulihin ito at iugnay muli sa kalakaran ng droga.

Ang isa sa posibleng dahilan ay upang 'pasukahin' ito na magturo ng ibang kilala o alam niyang pusher.

Kumbaga ang labanan ay 'palit-ulo' dahil marahil iniisip ng ilang tiwaling pulis na maraming nalalaman ito.

Kung kayo o ang pamilya ninyo ay makakaranas ng ganitong maling sistema ay huwag kayong matatakot na magpahayag ng katotohanan.

Basta lamang po ay totoo ang inyong pahayag laban sa tiwaling pulis.

Gusto ni Pangulong Rodrigo Duterte na malinis ang ating bayan laban sa droga.

Pero ayaw na ayaw naman ni Tatay Digong sa mga pulis na abusado sa tungkulin.

Ang nais ni Duterte ay tunay na pusher ang ilalagak sa rehas at hindi 'fall guy' lamang.

"Malinis Masarap, Laging Bago"
PING-PING Lechon & Rest. Inc.
Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services
Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622
Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668

Look for:
Bong or William